# MAHALAGANG KONTRIBUSYON SA EDUKASYON

*by:*
**Shiela M. Rivera, EdD**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Ayon sa mga pananaliksik, napakahirap ng buhay sa paaralan kung wala ang pagtutulungan ng guro, mag-aaral at mga magulang nito. Sinasabing ang tatlong sektor na ito ang nagiging susi ng motibasyon at tagumpay ng pagtuturo ng mga guro, pag-unlad ng kaalaman ng mga mag-aaral at pagbibigay ng tiwala at suporta ng mga magulang sa paaralan.

Dahil sa pagbubuklod at sama-samang pag-abot sa layunin ng ahensya ng edukasyon, ito ay nagbibigay katuparan sa pagbubukas ng pintuan ng masiglang pagpapalitan ng kaalaman sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay kakikitaan ng pagpupursigi sa pag-aaral kung nararamdaman niya ang labis na malasakit ng kanyang guro upang siya ay mabigyan ng nag-uumapaw na kaalaman na magiging daan upang siya ay umunlad pagdating ng panahon. Kapag masaya pareho ang mag-aaral at guro ay magkakaroon ito ng maganda at makabuluhang talakayan sa loob ng klase na lilikha ng masusing pang-unawa sa tekto o aralin sa iba't ibang asignatura. Hindi rin mahihirapan ang guro na pataasin ang kalidad ng edukasyon sa ating bansa.

Gayundin naman ang mga guro. Sa dami ng gastusin sa loob ng paaralan na kadalasan ay sa bulsa nila nanggagaling at sa tambak na trabaho na kanilang ginagawa bukod sa pagtuturo ay magiging labis na kaalwalan nila ang madama ang suporta ng mga magulang sa kanila at sa kanilang mga anak. Ang aktibong pakikiisa ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay nagbubunga ng magandang epekto. Kapag ang magulang ay nakikiisa sa mga gawaing pampaaralan ay mas mauunawaan niya ang kahinaan at pangangailangan ng kanilang mga anak, at ang mahirap na

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

kalagayan ng mga guro sa pagpapatuto at pagdidisiplina ng napakaraming bata sa loob ng klase na may iba't ibang ugali at antas ng pagkatuto. Bilang magulang, sila rin ang magiging dagdag gabay ng mga mag-aaral kung ito ay nahihirapan sa klase dahil matuturuan nila ito sa kanilang tahanan. Ito ang nagiging solusyon upang mas maging epektibo ng proseso ng pagkatuto.

Ang pagtutulungan din ng bawat isa ay magiging malaking bahagi upang mahubog ang kritikal na pag-iisip at analitikal na kakayahan ng bawat isa. Makapagbibigay ang bawat isa ng feedback na makatutulong na masuri at mas mapaghusayan pa ang kanilang gawain at responsibidad. Layunin ng paaralan na hubugin ang kaisipan at kaayahan ng bawat mag-aaral upang maging isang kapaki-pakinabang na mamamayan na makatutulong sa pag-unlad ng bansa. Ang pagtutulungan ng mga magulang, guro at mag-aaral ang magiging sandigan upang makabuo ng maayos at maunlad na lipunan na may pagpapahalaga sa gampanin ng bawat isa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.scribd.com/document/403906838/Pagtutulungan-Sa-Paaralan-Kailangan